## Pag-uugnay ng Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari sa Binasang Talata, Teksto

# Subukin

Basahin at unawaing mabuti ang teksto.



**Nag-iba si Lito**

Namatay ang mga magulang ni Lito noong bagong silang pa lamang siya dahil sa aksidente ng sasakyan. Mula noon, naging laki sa layaw siya. Yaya lamang ang nag-aalaga sa kanya, kaya lumaki siyang iresponsable sa buhay.

Isang araw sinuway niya ang batas trapiko. Umilaw ng pula ang ilaw trapiko pero patuloy pa rin siya sa pagtawid kaya nabundol siya ng kotse at dinala sa ospital. Malaki ang pagsisisi ni Lito sa maling nagawa at nangako sa sarili na maging responsable sa buhay.


LIVEWORKSHEETS

Panuto: Pagtambalin ang sanhi sa ***Hanay A*** sa mga bunga na nasa ***Hanay B***.

| ***Hanay A*** | ***Hanay B*** |
|---|---|
| 1. walang magulang | A. isang aksidente |
| 2. tumawid kahit bawal | B. matigas ang ulo |
| 3. walang responsibilidad | C. walang pakialam |
| 4. Yaya lamang ang nag-aalaga | D. nabundol sa kotse |
| 5. dahilan ng pagkamatay ng magulang | E. batang laki sa layaw |
| | F. maraming natutunan sa buhay |

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS



**Ang Pangako ni Divina**

Sabado ng umaga, mamimili ang nanay sa palengke. "Divina alagaan mo si Biboy nang mabuti. Huwag mong pababayaang lumabas ng bahay at baka masagasaan," bilin ni nanay, "Opo inay babantayan ko pong mabuti si Biboy," sagot ni Divina.

Pagkaalis ng nanay, nakita ni Divina ang makukulay na mga tutubi na nagliliparan sa mga bulaklak. Hinahabol niya ang mga tutubi hanggang nawala sa isip niya ang tugon ng inay. Hindi niya napansin na nakalabas na pala sa bakuran si Biboy at muntik nang tumawid sa daan na may maraming sasakyan.

"REA... T"

LIVEWORKSHEETS

Panuto: Basahin ang mga pangungusap sa ibaba at piliin ang mga salitang nagpapahiwatig ng sanhi.

1. Hinabol ni Divina ang mga tutubi.
   A. Nasiyahan ang nanay.
   B. Nakalabas sa bakuran si Biboy.
   C. Masayang nakipaglaro si Biboy sa ate.

2. Nakita ni Divina ang mga makukulay na tutubi.
   A. Hinabol niya ito.
   B. Tiningnan niya na lumipad-lipad
   C. Tinawanan niya ang mga tutubi.

3. Lumabas si Biboy sa bakuran.
   A. Masasagasaan siya ng sasakyan.
   B. Hahabulin niya ang mga sasakyan.
   C. Makikipaglaro siya sa mga pasahero.

4. Umalis ang nanay papuntang palengke.
   A. Pinabantayan niya ang bunso kay Divina.
   B. Pinabantayan ang bunsong kapatid sa iba.
   C. Binabantayang mabuti ang bunsong kapatid.

5. Napabayaan ni Divina si Biboy at muntik pang madisgrasya.
   A. Nagalit si nanay.
   B. Natuwa si nanay.
   C. Binigyan ng makain si Divina.

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

## *Suriin*

Panuto: Basahin ang talata.



### Isang Pangarap

Isang araw napansin ni Roldan na masaya ang kanyang kaibigan dahil tinanggap niya ang pinakamataas na parangal kasama ang mga magulang. “Kaya kung abutin ang aking mga pangarap,” sabi ni Roldan sa sarili. Kaya sa parating na pasukan, magsisikap at mag-aaral siya nang mabuti. Makikilahok siya sa mga gawaing pampaaralan at magsisikap na tuparin ang kanyang munting pangarap. Kaya sa pagtatapos sa taong ito, aabutin niya ang pinakamataas na parangal. Hindi masusukat ang ligayang madarama ni Roldan lalo na ang kanyang mga magulang.

LIVEWORKSHEETS

Panuto: Piliin ang angkop na ***bunga*** o ***sanhi*** sa mga pangyayari na babasahin sa ibaba.

1. Nang makita ni Roldan na masaya ang kanyang kaibigan habang tinatanggap ang pinakamataas na parangal. Ano ang maging bunga nito?
   A. malulungkot
   B. madidismaya
   C. magsusumikap
2. Nais ni Roldan na makamit kung anong mayroon ang kaibigan niya. Ano ang magiging bunga nito?
   A. Iiyak siya.
   B. Wala siyang pakialam.
   C. Matiyaga siyang mag-aaral.
3. Sabi ni Roldan sa sarili, "Kaya kong abutin ang aking mga pangarap".
   A. Mag-aaral siya ng mabuti.
   B. Hindi niya gagawin ang takdang aralin.
   C. Magbabago siya sa kanyang pag-aaral.
4. Makikilahok sa mga gawain sa paaralan at mag-aaral nang mabuti si Roldan. Ano ang magiging bunga nito?
   A. Tataas ang kanyang mga marka.
   B. Bababa ang kanyang mga marka.
   C. Ikalulungkot niya ang kanyang mga marka.
5. Nakatanggap ng pinakamataas na parangal si Roldan. Ano ang naging sanhi nito?
   A. Palagi siyang pumalta sa klase.
   B. Nagiging tamad siya sa pag-aaral.
   C. Pinagsisikapan niyang makisali sa lahat ng gawain sa paralan.

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

# Pagyamanin

***Ginabayang Gawain***

Panuto: Basahin at unawain ang teksto.



**Masipag na Kabataan**

Magpipista sa Barangay Santa Cruz. Nagkakaisa ang mga kabataan sa pagpaplano sa paglilinis ng paligid bago dumating ang pista. Nagkakasundo sila na uunahin ang mga kanal dahil barado ang mga ito na nakapagdudulot ng baha kung malakas ang ulan. Ito rin ang dahilan ng pagdami ng mga lamok.

Ginagawa agad ng mga kabataan ang kanilang proyekto. Kumukuha sila ng pala at kalaykay. Si Mang Miguel ay isang taong aktibo sa gawaing sibiko. Sinasagot niya ang kanilang meryenda at tanghalian na lalong nagpapasigla sa kanilang lahat.

LIVEWORKSHEETS

Panuto: Basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Hanapin sa loob ng kahon ang angkop na ***bunga*** nito at isulat ang titik ng tamang sagot.

| |
|---|
| A. malinis na kanal<br><br>B. maraming lamok<br><br>C. bumabaha kung malakas ang ulan<br><br>D. sagot niya ang tanghalian at meryenda<br><br>E. linisin ang barangay bago dumating ang pista |

______ 1. Baradong tubig sa ilog.

______ 2. Maraming bara sa mga kanal.

______ 3. Magpipista sa Barangay Santa Cruz.

______ 4. Ginawa agad ang paglilinis ng mga kanal.

______ 5. Narinig ni Mang Miguel ang proyekto nang kabataan.

"READY TO ..."

LIVEWORKSHEETS

*Tayahin*

Panuto: Basahin ang talata.



**Ang Halaman**

Ang halaman ay itinatanim, dinidiligan at inaalagaan. Ang mga gulay at prutas sa bakuran ay tumutubong malulusog at mayayabong ang mga dahon. Pinipitas ito at ibinibenta para pambibili ng bigas at ulam sa pamilya. Kaya huwag tayong maging tamad sa pagsulong ng kahirapan. Ang kasipagan ay susi ng kaunlaran. Magtatanim tayo ng gulay at prutas dahil ito ay produktong mayaman na bitamina at mineral na pampatibay ng katawan upang ang mga sakit ay maiwasan.

LIVEWORKSHEETS

Panuto: Basahin ang mga sanhi sa ***Hanay A*** at hanapin sa ***Hanay B*** ang bunga nito.

***Hanay A***

______1. Pinipitas at ibinibenta
______2. Matitibay na katawan
______3. Itinanim, diniligan at inaalagaan
______4. Magtatanim tayo ng gulay at prutas
______5. Huwag tayong tamad sa pagsulong ng kahirapan

***Hanay B***

A. sakit ay maiiwasan

B. pambibili ng bigas at ulam

C. kasipagan susi ng kaunlaran

D. huwag magtanim ng gulay at prutas

E. produktong mayaman ng bitamina at mineral


F. tumutubong malulusog at dahon ay mayayabong

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

## *Isagawa*

Panuto: Basahin at unawain ang teksto.



**Ang Mundo**

Kung ang mundo ay magulo, ang mga tao ay takot at lito. Sa mga bansang nagmamahalan, ang lahat ay nagtutulungan. Mga tao ay nagkakaisa para sa ikabubuti ng lahat. Ang pamilyang madasalin at matatag ay masaya ang pagsasama. Bawat kasapi ay nagkakaisa, ama, ina, mga anak hawak kamay nilang nilulutas ang mga problema.

LIVEWORKSHEETS

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang bunga sa mga sanhi sa ibaba.

A. tao ay takot at lito

B. sa ikabubuti ng lahat

C. lahat ay nagtutulungan

D. matatag at masaya ang pagsasama

E. nag-aaway, nagsisihan ang lahat na kasapi

F. hawak kamay nilang nilulutas ang mga problema

_______ 1. Pamilyang madasalin

_______ 2. Mga tao ay nagkakaisa

_______ 3. Kung ang mundo ay magulo

_______ 4. Sa mga bansang nagmamahalan


_______ 5. Bawat kasapi ng pamilya nagkakaisa

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

## Tayahin

*Panuto:* Basahin at unawain ang teksto.



**Ang mga Mag-aaral**

Ang batang laging nagsasalita ng katotohan ay nagiging uliran ng kapwa bata sa paaralan. May mga bata rin na masaya na nakatutulong sa kanyang mga kaklase na nangangailangan, kaya lagi silang pinupuri. Sa silid-aralan may mga batang laging sumusunod sa patakaran ng guro. May mga bata ring nag-aaral ng mabuti kaya lagi silang handa at aktibo sa talakayan. Bilang mag-aaral, matapang at matibay nilang hinaharap ang mga pagsubok sa pag-aaral upang makamtan ang magandang kinabukasan.

LIVEWORKSHEETS

Panuto: Piliin ang nararapat na bunga na maaaring maiugnay sa mga sanhi sa ibaba. Isulat ang titik sa tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang batang laging nagsasalita ng katotohanan.
   A. inaaway sa kapwa bata
   B. hinahabol sa kapwa bata
   C. naging uliran sa kapwa bata

2. Mga batang masaya na nakatutulong sa mga kaklaseng nangangailangan.
   A. lagi silang pinupuri
   B. pinagalitan sa guro
   C. pinapalo ng magulang

3. Mga batang laging sumusunod sa patakaran.
   A. iniiwasan ng mga kaklase
   B. sinusungitan ng mga guro
   C. nasisiyahan ang mga guro

4. Mga batang nag-aaral nang mabuti.
   A. walang pakialam
   B. laging handa at aktibo
   C. Natutulog pagdating sa klase

5. Bilang mag-aaral kailangan matapang at matatag na harapin ang mga pagsubok.
   A. walang pakialam sa magandang kinabukasan
   B. upang gumanda ang kinabukasan ng ibang tao
   C. upang makamtan ang magandang kinabukasan

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS